Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

14 Marso 2023

**GNG. MIKKA R. BELARMINO**
Isla ng Sibuyan, Romblon
belarmino.mikka7@gmail.com

**PCC Code No. PCC-CAM-01-29-2023-053**
**DENR Code No. DENRCO-OSEC-2023-000542**

**Gng. M. R. Belarmino:**

Ito ay patungkol sa inyong e-mail noong 29 Enero 2023 patungong Presidential Complaint Center hingil sa inyong panawagan na ipatigil ang operasyon ng pagmimina ng Altai Philippines Mining Corp. (Altai) sa Isla ng Sibuyan, Romblon.

Ang naturang panawagan ay ipinaabot sa aming tanggapan noong 14 Marso 2023 sa pamamagitan ng Document Routing Slip mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) – MIMAROPA Region na ipinapasa ang isang Memorandum na may petsang 07 Marso 2023 mula sa Undersecretary for Field Operations – Luzon & Visayas and Environment – DENR para sa DENR – MIMAROPA Region, para sa aming nararapat na aksyon.

Kaugnay nito, nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Ang aming tanggapan, kasama ang DENR – MIMAROPA Region at Environmental Management Bureau – MIMAROPA Region, ay naglabas ng isang Joint Order sa Altai noong 06 Pebrero 2023; at

2. Napagpasyahan ng Altai na boluntaryong ihinto ang lahat ng aktibidades nito patungkol sa *"exploration"* at *"testing"* sa Isla ng Sibuyan noong 06 Pebrero 2023 at ibinahagi rin na patuloy itong makikipagtulungan at makikipag-ugnayan sa mga kinauukulang awtoridad upang matugunan ang kasalukuyang isyu.

Makakaasa po kayong ang aming tanggapan, sa pakikipag-ugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at lokal na pamahalaan ng Romblon, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Altai. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa Isla ng Sibuyan alinsunod sa mga

kaugnay na batas at mahigpit na probisyon sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

**GLENN MARCELO C. NOBLE**
Regional Director

031423-R04B-0665
Letter
3/14/2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
MIMAROPA Region

cf. **The Presidential Complaint Center**
Office of the President
J.P. Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Manila
**PCC Code No.: PCC-CAM-01-29-2023-053**

**The Undersecretary**
Field Operations – Luzon & Visayas and Environment
Department of Environment and Natural Resources Office
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
**DENR Code No. DENRCO-OSEC-2023-000542**

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Romblon